# Plantita

## Plantita

Leia Margarita Canuto, Julianna Gabrielle S. Feliciano, Luis Ysabel L. Lacanlale,
Mariane Angeli L. Lubo, Bernice Amanda A. Mendoza, Joan Elery D. Torres
Ateneo de Manila University
luis.lacanlale@obf.ateneo.edu

## Abstrak

Isang nausong neolohismo ang “plantita” ngayong 2020 sa gitna ng COVID-19 quarantine. Pinaghalong “plant” at “tita” ang terminong “plantita” na ginagamit bilang pantukoy sa mga babae, na namumuhunan ng oras, tiyaga, at pera sa pangongolekta at pangangalaga ng mga halaman. Nakababawas ng stress at pinagtitibay raw nito ang pagkamakakalikasan. Subalit, lalong nakasisira ang kulturang ito sa biodibersidad, lalo na sa natural na paglaganap ng mga halaman. Sa patuloy na pagtaas ng demand, pinagtuonan ng pansin ng mga nagbebenta ng halaman ang plant poaching bilang paraan para kumita nang mabilisan sa gitna ng economic recession na dulot ng pandemya. Dahil dito, nanganganib ang mga ecosystem at mga halamang bihira nang makita. Kasabay nito, nagtaas na rin ng presyo ang mga supplier at mga negosyante, at nagiging resulta nito ang pagiging eksklusibo ng mga halaman sa mayayaman at may-kaya. Ang paggamit naman ng mga artista at influencer sa social media upang ibida ang kanilang mga mamahalin at hindi pangkaraniwang mga halaman marahil ang lalong nag-udyok sa karamihan na maging interesado sa kultura ng paghahalaman dahil sa pagiging status symbol nito. Karaniwang ginagamit ang katawagang “plantita” bilang simbolo ng pag-angat sa hirarkiya ng lipunan. Binibigyang-diin nito ang lumalaking agwat sa pagitan ng mayayaman at mahihirap. Mas lalo nitong inihihiwalay ang mga taong may kakayahang maglaan ng malalaking halaga ng salapi para magkaroon at mag-alaga ng mga mamahaling halaman na ipinapalamuti lamang sa loob ng kanilang mga tahanan, pati na rin sa kanilang mga social media, sa mga miyembro ng lipunan na mas pinipiling pagkakitaan na lamang itong trend na ito, at ilaan ang kanilang kita para sa mga pangunahing pangangailangan.

*The neologism “plantita” trended this year 2020 in the middle of the COVID-19 quarantine. “Plantita” is a portmanteau of the words “plant” and “tita” used to refer to people, mostly women, who invest time, effort, and money in collecting and caring for plants. The hobby is used to ease stress and supposedly promote environmentalism. However, the plantita culture has ironically become detrimental to biodiversity in ecosystems, especially to the natural occurrence of these plants. As the demand no longer meets the supply, sellers have turned to plant poaching as a means to earn easy profit in the middle of the pandemic-driven economic recession, putting ecosystems at risk and contributing to the endangerment of many marketed plant species. Along with this, plant suppliers and businesses are also seizing the opportunity to mark their prices up, making plants even more exclusive to the middle- and upper-classes. This glamorized version of gardening was further fueled by celebrities and social media influencers as they used their social media accounts to show their vast and expensive collection of flora. This act encouraged large audiences to develop interest for plants as well with the promise of the plantita lifestyle being a social status symbol. “Plantita,” as a label, is mostly used as a titular decoration. It highlights the widening gap between the social classes, separating those capable of investing huge amounts of resources into the care for expensive, rare*

 © Ateneo de Manila University

*plants to be exhibited in their houses and even social media accounts during a pandemic, from the poor who would rather find ways to make a living out of the trend and designate their earnings for basic necessities instead.*

## Mga Susing-salita

plantita, plant poaching, halaman, houseplants, quarantine, pandemya, antas sa lipunan

*plantita, plant poaching, plants, houseplants, quarantine, pandemic, social class*

## Tungkol sa mga May-akda

Kasalukuyang nag-aaral si Leia Margarita Canuto sa Pamantasang Ateneo de Manila sa kaniyang unang taon sa kursong AB Communication. Nakapagtapos siya ng senior high school mula sa Miriam College sa ilalim ng Akademikong Track na Science, Technology, Engineering, at Math (STEM). Mahilig siyang gumuhit at gumawa ng komiks. Ngayong panahon ng pandemya, nagsisimula na siyang maghalaman na rin.

Nag-aaral si Julianna Gabrielle S. Feliciano sa Ateneo de Manila University bilang isang freshman sa kursong AB Communication. Nagkatapos siya ng senior high school sa Assumption College San Lorenzo sa ilalim ng Akademikong Track ng Humanities at Social Sciences (HUMSS). Sa panahon na nasa senior high school siya, nakatapos siya ng tatlong pananaliksik, isa na kuwantatibo at dalawa na kuwalitatibo; isa sa mga ito ay mag-isa niyang isinagawa.

Kasalukuyang freshman ng Ateneo de Manila University sa kursong AB Communication si Luis Ysabel L. Lacanlale. Nagtapos siya ng senior high school sa St. Scholastica's Academy-San Fernando nang may honors para sa una at ikalawang semestre sa ilalim ng track na Science, Technology, Engineering, and Math (STEM). Nagsimula siya sa campus journalism noong ikatlong baitang at sumabak na sa iba't ibang kategorya ng mga press conference. Nagsusulat siya sa parehong Ingles at Filipino. Hilig niya rin ang pagkuha ng litrato, pagbabasa, at birdwatching.

Kasulukuyang nag-aaral si Mariane Angeli Lubo sa Ateneo de Manila University para sa kanyang tersiyaryong edukasyon sa kursong AB Communication. Nagtapos siya ng senior high school sa St. Paul University Philippines, Tuguegarao City, Cagayan sa ilalim ng track na Humanities and Social Sciences. Lumipat siya sa Maynila para sa kolehiyo sapagkat naniniwala siyang makakakuha siya ng mas mataas na kalidad ng edukasyon sa Ateneo, at upang makasama ang dalawa niyang kapatid. Kinahihiligan niya ang pag-aral ng iba't ibang sining, lalo na ang pagsulat, pagguhit, at teatro.

Kasalukuyang nag-aaral si Bernice Amanda A. Mendoza sa Ateneo de Manila University sa ilalim ng programang AB Communication. Nagtapos siya ng senior high school sa St. Bridget College, Batangas City, Batangas sa ilalim ng Humanities and Social Sciences (HUMSS) Strand sa Academic Track. Mahilig siya magsulat ng mga fanfiction, manood ng romantic comedy, at maglaro ng Pokémon. Dati rin siyang punong patnugot ng dalawang pang-sekondaryang publikasyon ng kaniyang paaralan at naging Public Information Officer at Secretary ng kanilang *student council*.

 © Ateneo de Manila University

Kasalukuyang nag-aaral sa unang taon ng kolehiyo si Joan Elery D. Torres sa Ateneo de Manila sa ilalim ng kursong AB Communication. Nakapagtapos siya ng senior high school mula sa Unibersidad ng Santo Tomas sa ilalim ng Akademikong Track, Humanities and Social Sciences. Kasalukuyan niyang pinag-aaralan ang mga halaman dahil sa interes niya sa pagtatanim. Nagmamay-ari rin siya ng isang negosyong halamanan at kasalukuyang kumikita sa pamamagitan ng online na platapormang Instagram ngayong pandemya.

 © Ateneo de Manila University

Ngayong 2020, kinaharap ng buong mundo ang pandemyang dulot ng COVID-19 na itinuturing na pinakamalalang krisis-pangkalusugan mula noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig (United Nations Development Programme 2020, par. 1). Upang mapigilan ang pagkalat nito, naglabas ang Tanggapan ng Pangulo ng memorandum na nagsasaad na isasailalim ang Luzon sa Enhanced Community Quarantine (ECQ) simula ika-17 ng Marso hanggang ika-15 ng Abril 2020. Kabilang sa mga ipinagbabawal ng memorandum na ito ang paggamit sa pampublikong transportasyon, pagdalo sa anumang pagtitipon, at pagpasok sa mga opisina o co-working space. Obligado rin ang lahat na manatili sa loob ng bahay maliban na lamang kung kinakailangang bumili ng mga pangunahing pangangailangan. Sa madaling salita, hangga't maaari walang lalabas ng bahay.

Pitong buwan nang nasa ilalim ng isang anyo ng community quarantine ang bansa. Mapa-*enhanced*, *modified*, o *general* ang tawag sa anyo nito, iisa lamang ang ibig nitong ipahiwatig: "Huwag lalabas ng bahay kung hindi kinakailangan." Ito marahil ang nag-udyok sa mga Pilipino na humanap ng iba't ibang mapagkakaabalahan o mapaglilibangan habang kasagsagan ng quarantine.

Nasubukan o nakita nang tiyak sa social media ang isa o higit pa sa mga trend na ito. Ilang halimbawa nito ang pagkakatatag ng mga Facebook group na ginawa para lamang sa "trash-talkan" o bardagulan, mga bagong sayaw sa Tiktok tulad ng "Savage" at "Savage Love," mga medyo bagong pagkain—medyo dahil matagal na silang nariyan, nag-iba lang ang anyo ngayong 2020—tulad ng sushi bake, ube pandesal, at dalgona coffee, at ang pag-usbong ng sari-saring online shop na nagresulta sa pagkaubos ng pera ng mga adik sa online shopping.

Sa kabila ng lahat ng mga trend, na mas nararapat na tawaging *fad*, may isang hindi maikakailang namayagpag at pumuno sa mga timeline at feed ng mga nagbababad na Pilipino sa social media: ang pinaganda, pinayabong, at pinasosyal na bersiyon ng paghahalaman—ang pagiging *plantita*.

Ayon kay Lachica (2020, par. 1), tinatawag na "plantita"—maaaring ng kapwa o ng kanilang mga sarili—ang mga middle o upper class na babaeng mahilig mangolekta at mag-alaga ng mga halaman sa loob ng kanilang tahanan. Kombinasyon ito ng salitang Ingles na "plant" na nangangahulugang halaman at ng "tita" na salitang Filipino (Navarra 2020, par. 2). Mayroon ding salitang "plantito" na katawagan naman sa mga lalaking halaman din ang libangan. Hindi pa maituturing na "plant mama," o iyong mga beterano na, ang mga plantita ngunit hindi rin naman sila baguhan. Nagbabasa sila tungkol sa mga alagang halaman at namumuhunan ng oras, emosyon, at sikap sa pag-aalaga sa mga ito (Pino-Oca, 2018a).

Sinabi rin ni Pino-Oca (2018b) na kahit hindi ito isang salitang matatagpuan sa mga diksiyonaryo, sapat na ang paggamit nito bilang hashtag sa Instagram upang gawing lehitimo ang papel nito sa buhay ng mga gumagamit ng plataporma lalong-lalo na iyong mga milenyal. Nangunguna kasi ang Instagram sa pagpapalaganap ng gamit ng salitang ito. Ayon sa datos na nakalap mula sa Instagram noong unang araw ng Nobyembre 2020, mayroon nang mahigit 136,000 post na gumagamit ng "#plantita" at 166,000 naman sa "#plantitas" mula noong unang naitalang gamit nito noong 2018. Kasunod nito ang Facebook na mayroon namang mahigit 55,000 *post* na gumagamit ng "#plantita."

Noong Oktubre taong 2018, itinampok ng ABS-CBN News sa isang artikulo ang personalidad na si Aubrey Miles na tinawag nilang "certified plantita" sa ulo ng mga balita dahil sa kaniyang koleksiyon ng halaman sa loob ng bahay. Ayon sa ABS-CBN, madalas niyang ipost ang mga alaga niyang halaman sa kaniyang account sa Instagram

 © Ateneo de Manila University

kaya naman binansagan siyang “plantita” ng mga tagahanga. Mayroon ding artikulo ang KAMI.com na itinampok ang host na si Gretchen Fullido na tinawag ding certified plantita dahil sa hilig niya sa mga halaman. Unang gumamit ang mga artikulong ito ng salitang plantita upang tukuyin ang mga babae, partikular na ang mga milenyal, na halaman ang pinagkakaabalahan. Posibleng mayroon pang mga naunang gumamit ng salitang ito pero maaaring iugnay ang pagsikat ng terminong ito sa paggamit dito ng mga news outlet, lifestyle magazine, at blog tulad ng ABS-CBN News, KAMI.com, Real Living, at Cebu Daily News.

Ngayon, hindi lang mga personalidad tulad nina Kathryn Bernardo, Heart Evangelista, Bea Alonzo, Pauleen Luna, at Jinkee Pacquiao—na nagviral kamakailan dahil sa Variegated Alocasia niyang nagkakahalaga ng P20,000 (Cruz 2020a, par. 4)—ang nagpaparamihan ng halaman sa Instagram, kundi mga ordinaryong mamamayan na nawiwili sa mga halaman (“How celebrities decorate their homes” 2020). Hindi nga lang siguro matatapatan ng mga ito ang flex ng isa sa mga pinakaunang itinuring na plantita na si Aubrey Miles na bumili ng halaman na nagkakahalagang P300,000 (Cruz 2020b, par. 4).

Sa lahat ng salitang maaaring idugtong sa “plant,” bakit “tita” ang ginamit?

Sa sambahayang Pilipino, “tita” ang tawag sa babaeng kapatid ng alinmang magulang. Bukod dito, ito rin ang kadalasang tawag sa mga babaeng kaibigan, katrabaho, o kakilala ng magulang. Katumbas nito ang “aunt” sa Ingles ngunit may kaibahan ito sa kultural na konteksto. Sa kulturang Pilipino, may sosyal na konotasyon ang pagiging tita. Ayon kay Valdeavilla (2018, par. 2), ito ang ilan sa sintomas ng pagiging tita: 1) mahilig magbrunch sa mga café o restoran kasama ang kanilang mga amiga, 2) magarbong manamit, 3) excited maggrocery, at 4) laging may mamahaling bag na mapaglalagyan ng kanilang essentials (i.e. wipes, tissue, sanitizer, at isa o higit pa sa apat na ito: Katinko, White Flower, Efficascent Oil, o Vicks VapoRub.

Nahahati rin ang pagiging tita sa dalawang kategorya: iyong mga “judgemental” at iyong mga “sought-after” (Deala, 2019). Nabibilang sa unang kategorya ang mga tita na kadalasang na sa kanilang edad 50 na nagpapaalala sa kanilang mga pamangkin na, “Tumaba ka,” o kaya “Kailan ka ba magkakaboypren?,” o na “Iyong anak ni ganito, doktor. Iyong kay ano naman, abogado!” Ito iyong mga titang mistulang tabloid sa dami ng alam na tsismis at daig pa si Boy Abunda kung mag-interbyu. Iniiwasan ng tingin ng mga pamangkin ang mga ganitong uri ng tita upang hindi ma-hot seat.

Sa kabilang banda naman, tinatawag ni Deala na “sought-after” iyong mga tita na ikinagagalak na makita o makasalamuha ng mga pamangkin dahil kilala sila bilang mayaman at cool. Kilala ang mga ito sa pamimigay ng mamahaling gamit, lalong-lalo na ng mga damit, sa kanilang mga pamangkin. Madaling makasundo ng mga ganitong uri ng tita ang mga pamangkin nilang Gen Z at Milenyal dahil, madalas, milenyal din sila. Ang mga “sought-after” na titang ito ang naging basehan o print ng mga plantita. Bukod kasi sa bata at may kaya, may ere ng pagkasosyal ang mga ito kahit madalas na middle class lang talaga. Isinisimbolo rin ng pagiging tita ang pagiging mature at responsable kahit wala pang anak. Ito ang gitna ng pagiging bata at matanda. Iyong mga inienjoy pa ang kabataan nila pero plantsado ang buhay at hindi tinatalikuran ang responsabilidad, kahit bahagyang hirap pa sa *adulting* o paggawa ng mga gawaing pang-edad nila. Kagaya ng nabanggit ni Pino-Oca (2018c), isinisimbolo ng terminong “plantita” ang gitna ng pagiging eksperto at pagiging baguhan sa paghahalaman, pati na rin ang bata-pero-matanda o matanda-pero-batang edad ng mga plantita. Hindi pa masyadong magaling, pero hindi rin naman inosente. Bata pero hindi walang muwang. Matanda pero hindi pa losyang o napag-iwanan ng panahon. Ito ang kultura ng mga milenyal pati ng mga feeling milenyal: nakasasabay sa mabilis na

 © Ateneo de Manila University

takbo ng buhay nang hindi isinasantabi ang kabataan nila, lalo na sa gitna ng *quarantine* kung saan mahirap nang tukuyin ang paglipas ng mga araw.

Bago pa man ang quarantine nitong 2020, mayroon nang mga mahilig sa halaman na hindi nakaugaliang ipost ang mga ito sa Instagram. Ang mga "original plantita" na ito ang matatandang matagal nang naghahalaman sa kanilang mga bakuran. Ngunit, hindi sila ang dahilan ng pagkasilang ng salitang "plantita" kundi ang dumaraming bilang ng mga milenyal na interesadong mag-alaga ng mga halamang pambahay dulot ng mga pagbabago sa estilo ng pamumuhay nila. Sa paglakas kasi ng kilusang makakalikasan nitong nakaraang dekada na nagdala ng mga trend tulad ng pagiging vegan pati na ang paggamit ng metal straw at Hydro Flask, humanap ang mga milenyal ng pagkakaabalahang parehong nakarerelaks at eco-friendly.

Sa tulong ng Google Trends, naitala rin ang kapansin-pansing bugso ng paggamit sa mga salitang "plants" at "halaman." Bagamat tumataas naman talaga taon-taon ang dalas ng pagbanggit sa mga salitang ito tuwing mga buwan ng "ber" at bumababa naman sa tag-init, nagkaroon ito ng tuloy-tuloy na pagtaas ngayong 2020 na nagsimula noong bandang Abril.





Image 1. *Trend over time* ng keyword na "plants" sa Google Trends.





Image 2. *Trend over time* ng keyword na "halaman" sa Google Trends.


© Ateneo de Manila University

Naging malaking salik ang quarantine upang palaganapin ang trend na ito. Noong una kasi, mga panandaliang libangan ang mga pinagkakaabalahan ng mga Pilipino, ngunit habang tumatagal na nasa loob ng bahay, naghanap na sila ng mga pagkakaabalahang mas magtatagal dahil hindi rin nila sigurado kung kailan sila makalalabas. Halaman ang naging solusyon dahil sa dalawang pangunahing salik: una, ang pangangailangang punan ang instinct na mangalaga ng buhay, at ikalawa, ang millennial lifestyle.

Dahil sa pagbabawal sa anumang pisikal na pagkikita-kita, nakaramdam ng pangungulila ang mga Pilipino, bilang mga taong nangangailangang makatanggap at magbigay ng apeksiyon (Antonio 2020). Ang pagbaling nila ng kanilang atensiyon sa mga halaman ang naging coping mechanism nila sa pandemya. Halaman ang nagbigay-daan sa kanila upang matugunan ang pangangailangang mangalaga nang hindi kinakailangang makihalubilo sa tao.

Isa rin itong paraan upang madala ang labas sa loob. Ayon kay Burton (2019), nagsisilbing microcosm o maliit na representasyon ng kalikasan ang mga hardin. Dahil sa mga halamang ito, napupunan din ang kagustuhang makakita ng kalikasan nang hindi naman talaga umaalis ng bahay. Maganda rin itong paraan upang pabilisin o pabagalin ang oras sa pamamagitan ng pagtatrabaho rito.

Nakaayon din ang paghahalaman sa pamumuhay ng mga milenyal. Naobserbahan ni Bond (2019) na ipinagpapaliban ng mga milenyal ang mga major milestone tulad ng pagpapagawa ng bahay, pagbili ng kotse, at pagkakaroon ng anak, dahil sa mga isyung pinansiyal. Sa parehong kadahilanang kung bakit mas pinipili nilang manirahan sa condominium, mas pinipili ng mga milenyal na Piipino na mag-alaga ng halaman kaysa magkaroon ng anak; mas mura kasi ito. Hindi tulad sa pagpapalaki ng bata, walang hassle at hindi hamak na mas kakaunti ang stress sa pangangalaga ng halaman kumpara sa bata. Hindi kasi nito nangangailangan ng 24/7 na pagbabantay at hindi nakaaabala sa kanilang pagtatrabaho sa bahay. Sa pamamagitan ng paghahalaman, napupunan ang *need to nurture* ng mga milenyal nang hindi gaanong gumagastos at hindi gaanong napapagod.

Nang dahil sa mga salik na nabanggit, pati na rin ang malawakang pagpopost tungkol sa libangang ito, sumikat ang kultura pati na ang salitang "plantita." Dahil sa pag-ubsong ng kulturang ito, nabibigyang kamalayan ang mga tao, lalong-lalo na ang mga mahilig dito, ukol sa kapakanan ng kalikasan. Dahil sa attachment ng mga plantita sa mga halaman, nagiging personal ang mga isyu ng kalikasan sa kanilang araw-araw na pamumuhay. Dagdag pa rito ang panahon ng lockdown na higit pang nagbibigay oras na magpokus ang mga tao sa mga epekto ng climate change. Ngayong panahon ng pandemya, mas mahilig ang mga taong bumili mula sa maliliit at eco-friendly na tindahan, kahit na gagastos sila nang kaunti pa para rito kung inner peace naman ang balik sa kanila (Searle 2020, par. 11). Kung tutuosin, mabuting may ganitong pinagkakaabalahan sa gitna ng isang krisis pangkalusugan. Malaking bagay din kasi ito upang makabawas sa stress at anxiety na dala ng pagkakakulong sa bahay. Gayunpaman, may mga bagay na lingid sa kaalaman ng marami tungkol sa luntiang libangan na ito.

## Buti pa ang Halaman, Nagmamahal: Implikasyong Ekonomiko

Ayon kay Theresa Lim, direktor ng ASEAN Centre for Biodiversity, mas lalong lumago ang tinaguriang "plant economy" sa global na eksena, kasama na rito ang Southeast Asia na kinabibilangan ng Pilipinas, dahil sa pandemya (Cinco 2020, par. 6). Kasabay ng pagsikat at pagk-uso ng paghahalaman sa gitna ng pandemyang ito ang pagyabong ng industriya

 © Ateneo de Manila University

ng halaman at ang lumalagong demand para rito. Sinabayan ito ng ibang Pilipino, lalo na iyong mga nawalan ng trabaho dahil sa pagsasara ng mga negosyo, sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga halaman upang magkaroon ng kita sa panahon ng pandemya (Antonio 2020c, par. 4). Kumakapit sa online selling ang karamihan ng nagsimula ng negosyong halamanan gamit ang iba't ibang plataporma, tulad ng Instagram at Facebook para ipagbili ang kanilang sari't saring benta.

Dala ng tuloy-tuloy na pagtaas ng demand sa mga halaman habang mababa ang supply, tumaas ang presyo ng mga ito sa merkado. Tumaas din ang presyo ng mga kagamitan at aksesoryang panghalaman tulad ng lupa, paso, at pataba. Pati iyong mga halaman na hindi gaanong napapansin bago ang pandemya, tumaas din ang presyo. Marami rin sa mga lokal na negosyong nagbebenta ng halaman bago pa man magkaroon ng pandemya ang umunlad ngayon at nagpasyang magtaas ng presyo dahil sa pagdami ng mga nahahalina sa halaman (Antonio 2020d, par. 12). May mga mamimili na ring ininda ang hindi makatarungang pagpepresyo ngayon sa industriya ng halaman. Sa kabila nito, kailangan ding intindihin na maraming negosyo ang napilitan lamang magtaas ng presyo dala ng pandemya at hirap maghanap ng supplier na hindi nagtaas ng presyo (Antonio 2020e, par. 20). Kung may mga nagtitinda na sapilitang nagtaas ng presyo, may mga nagtitinda rin namang pinagsasamantalahan ang pagtaas ng mga presyo, lalo na sa mga baguhang hindi pa masyadong pamilyar sa regular na presyo ng mga halaman (Taculao 2020, par. 14).

Sa pag-usbong ng panibagong hilig sa mga halaman, nagsimula na ring mamayagpag sa merkado ang mga hindi pangkaraniwang halaman na mabili sa mga may kayang plantito't plantita na handang patulan kahit ang nakalululang halaga ng mga halaman na ito. Para sa iba, mukhang hindi na libangan ang pag-aalaga ng mga halaman dahil may mga taong gumagastos hanggang sa P80,000 para sa isang rare na uri ng halaman. May iba ring halaman, tulad ng White Congo Plant, na kahit may tatatlong dahon lamang, umaabot na sa P30,000 ang halaga. Nakadaragdag rin sa presyo at pagkabihira ng isang halaman ang pinagmulan nitong lugar. Pinaghahambing ang pagbili ng halaman sa pagbili ng mga mamahaling bag at kagamitang panluho dahil sa presyo at mamimiling pinapatulan ang mga ito (Grana 2020, par. 4).

## Kagubatan ang Kabayaran: Implikasyong Ekolohikal

Dahil sa pagtaas ng demand sa halaman, nagkaroon ng oportunidad ang mga nagmumula sa lower class na kumita ng pera sa gitna ng quarantine. Pero kailangan ay iyong madaling kitain. Magtatagal kasi kung magtatanim pa at hihintayin itong yumabong. Mahirap din kasing maghanap ng tanim na pambihirang uri. Ang krisis na ito ang nagbigay-daan sa paglaganap ng *plant poaching*, o ang iligal na pagkuha ng mga halaman mula sa kanilang likas na tahanan (Barnett 2019, par. 4). Mas madali at mas malaki ang kita sa plant poaching, lalo na sa panahon ng lockdown at sa pagiging online ng mga negosyo. Sa pagtaas ng demand sa merkado, tumataas din ang presyong maaaring singilin, at may ibang taong handang magnakaw ng mga halaman para pagkakitaan ito.

Matindi ang epekto sa kapaligiran ng iligal na kalakarang ito. Tahanan ng iba't ibang uri ng mga endangered na halaman ang Pilipinas. Sa kasamaang palad, may mga taong nais magbenta at umangkin sa mga halamang ito. Kabilang na sa mga nanganganib nang mawalang halaman na patok sa mga plantita ang Zebra Plant, Staghorn Fern, Green Velvet Alocasia, Kris Plant, Waling-Waling, at Giant Staghorn (Berto 2020). Nakapagnanakaw ng ilang daang halaman ang mga poacher mula sa kanilang likas na tahanan sa isang araw. Kung magpapatuloy ito, mapadadali ang tuluyang pagkawala ng ilang uri ng endemikong bulaklak, puno, at halaman sa kamay ng mga mapagsamantala.

 © Ateneo de Manila University

Sa maraming pagkakataon ng plant poaching, iligal na ipinadadala sa ibang bansa ang mga halamang nakaw mula sa kagubatan. May ibang halaman na pumapasok sa Pilipinas at ang iba naman, mula sa Pilipinas na ipinupuslit papalabas ng bansa. Nilalabag ng mga plant poacher at ilegal na importer o exporter ang Agreement on the Application of Sanitary and Phytosanitary Measures o ang SPS Agreement ng World Trade Organization, na nagbabawal ng pagpapadala o pagtanggap ng ilang uri ng mga halaman upang maiwasan ang pagkalat ng mga sakit, peste, o iba pang organismo na maaaring makahawa sa kalikasan ng isang bansa (Torres 2013, par. 2). Nagpapadala ang mga poacher ng mga halaman sa mga bansang may demand para rito, hindi bale nang makahawa sila ng sakit sa mga halamang likas sa isang bansa. Isang halimbawa nito ang Chestnut Blight sa America na nahawa ng sakit na dala ng mga kastanyas (*chestnut*) na ipinuslit mula Tsina. Sa loob ng 40 taon, mahigit 30 milyong acre na ng puno ng kastanyas ang namatay dahil sa sakit na dala ng dayuhang halaman (Van Der Zanden 2016, par. 4).

Dahil sa isyu ng plant poaching, nangako ang mga opisyal ng Department of Natural Resources (DENR) na magsusulong pa sila ng mas matinding mga patrol sa mga gubat at liwasang may mga kakaibang uri ng halaman (De Vera-Ruiz 2020, par. 10). Nagbabala rin ng mga opisyal na may sentensiya rin ang mga mahuhuli na hanggang 12 na taon sa bilangguan kasama na ang mabibigat na multa sakaling mahulihan sila ng halamang nanganganib nang maubos (Ratcliffe 2020, par. 5). Dagdag din ng Department of Agriculture na magpapataw ng mas mahigpit na regulasyon ang Department of Trade and Industry at DENR ukol sa pagpapalitan ng mga halaman sa pagitan ng mga bansa (Miraflor 2020, par. 19).

## Sosyal na Hardinerx: Implikasyong Kultural

Isang luhong hindi makakayang maabot ng mahihirap ang paggamit ng panahon sa ilalim ng quarantine sa pagpapabuti ng sarili sa mga gawaing tulad ng paghahardin. Sabi nga ni Elisa Pieri ng University of Manchester, “[l]umalim ang dibisyon sa pagitan ng mga taong mula sa iba’t ibang katauyang sosyo-ekonomiko. Nagiging mas halata at malalim ang mga umiiral na mga pagkakaiba, at may mga bagong pagkakaibang nabubuo,” (Ferguson 2020, par. 14). Makikita ang ganitong malalim na pagkakahiwalay ng mga ekonomikong uri sa lipunan sa pagsikat ng salita, at pati na ang pagiging “plantita.”

Kahit na bumabaling sa paghahardin ang maraming tao bilang pambawas ng stress, pampaganda ng bahay, at panlinis ng hangin, may konotasyon pa rin na may-kaya lamang ang mga itinuturing na plantita. Sila lang kasi ang may kakayahang gumastos para rito lalo na sa gitna ng pandemya na maraming ibang dapat paglaanan ng pera, iyong mga sakto lang sa buhay. Halimbawa, trademark ng mga plantita ang pagpopost ng mga halaman nila sa platapormang Instagram, ilang oras na paghahanap ng bagong aalagaang halaman o kagamitang panghardin, pakikibahagi sa mga Facebook Group kasama ang mga kapwa plantito o plantita nila. Maaari lamang gawing pampalipas oras ang plantita lifestyle ng mga middle at upper class na komportable pa naman sa gitna ng pandemya kumpara sa lower class. Samantala, pagtatanim ng gulay o prutas para ilagay sa hapag-kainan ang madalas na klase ng paghahardin na ginagawa ng mahihirap, hindi para dekorasyon tulad ng mga may-kayang plantita.

Sa panahon ng lockdown, may matinding pagtaas sa presyo ng mga halaman na kaakibat din ng pagsikat ng pagiging plantita. Dahil dito, mas marami sa mahihirap ang hindi nakakayang makibahagi sa pamumuhay na plantita. Ayon kay Aris John Trinidad, na nakahiligan na ang pag-aalaga ng halaman noong 2017, tumaas sa presyo ang mga uri ng mga halamang patok sa mga plantita. Halimbawa, P800 lang ang monstera noong

 © Ateneo de Manila University

2018, pero umakyat na sa P15,000 ngayong panahon ng quarantine (Ocampo 2020, par. 10) Walang mahirap ang makabibili—o pipiliing bumili— ng P15,000 na halaman sa kalagitnaan ng krisis para sa libangan man ito o sa pag-aalaga ng mga halamang may bungang gulay, prutas, o materyales na maaaring pagkakitaan. Hindi madaling mamuhunan sa mga halamang nangangailangan ng mga bagay na gipit sa mahihirap, tulad ng espasyo sa bahay at oras o perang kailangang ilaan para sa pangangalaga nito.

Bago pa sumapit ang pandemya at sumikat ang pamumuhay plantita, nagmamay-ari na ng halaman ang mga sinaunang tao bilang simbolo ng kayamanan at estado sa lipunan. Halimbawa nito ang mayayaman noong panahon ni Christopher Columbus na bumibili mula sa mga manlalakbay ng mga pambihirang uri ng halaman mula sa Bahamas (DiLallo 2020a, par. 4). Sa panahon naman ni Reyna Victoria, ang mga taong nakaluluwag sa buhay lang din ang may kakayahang mag-alaga ng mga halaman sa loob ng kanilang mga tahanan dahil mayroon silang sapat na espasyo para rito (DiLallo 2020b, par. 5). Maihahalintulad ito sa Pilipinas ngayon: Walang kakayanan ang mahihirap na mag-alaga ng mga halaman tulad ng ginagawa ng mayayaman dahil sa liit ng espasyong mayroon sila. Hindi na nila matutugunan ang mga bagay tulad ng pagkakaroon ng peste ng halaman o mga nalalantang dahon dahil kailangan din nilang isipin kung saan sila kukuha ng pambayad ng renta, pambili ng pagkain, at puwedeng pagkakitaan upang kinabukasan ay may maihapag sa mesa.

## Plantitx na lang!

Mula sa mga online group para sa paghahardin tulad ng Kamula para sa mga Ilokano, hanggang sa ilang mga plantito at plantita na nagsusulong ng mga gender-inclusive na salita tulad ng plant parent, mayroon silang magagandang komunidad na kinabibilangan (Diaz Sabado 2020, par. 6). Isang paraan din para makaranas ng social interaction sa panahon ng pandemya ang pagsali sa samahan ng mga plantita. Nakabubuo ang mga miyembro nito ng isang kapaligirang nakikisalo sa kaligayahan at pagmamahal para sa mga halaman at sa kalikasan, na may layuning protektahan ang nanganganib nang mawalang uri ng mga halaman ng ating bansa at pati na rin ang pagpapaunlad ng kamalayan sa pangangalaga ng kalikasan. Ayon kay Anton Siddayao, isang plantito, "Nakikisali't tinuturuan namin ang sarili namin para maligtas namin ang mga uri ng halaman na makakaya namin, para maiwasan ang nangyayari ngayon–plant poaching, pagnanakaw ng mga halaman, pagtaas ng demand sa merkado ng mga halaman at pagtaas ng presyo nito" (Antonio 2020a, par. 35).

Higit pa rito, hindi lang isang masiglang komunidad ang mahahanap ng mga plantita, na pangunahing binubuo ng mga milenyal. Hiyang din sa henerasyon nila ang pamumuhay plantita dahil sa kanilang mga katangian. Sa paglaki nila kasama ang social media na malakas sa pagpapakita ng mga larawan at iba pang biswal na uri ng media, nakikita't naeengganyo ang mga milenyal na bumili ng mga halamang nakikita nila sa mga feed nila (Bond 2019a, par. 6). Dahil din sa sitwasyong ekonomiko ng kanilang henerasyon, kung saan pataas nang pataas ang mga bilihin lalo na sa mga taon kasunod ang pandemya, ipinagpapaliban muna ng mga milenyal ang pagbuo ng pamilya, at ang pagiging plantita ang sumasagot sa pangangailangan nila ng may maaalagaan na hindi humihingi ng masyadong maraming atensiyon, kumpara sa pag-aalaga ng bata o aso/pusa na hindi dudumi kung saan o mamamatay kung hindi papansinin habang nagtatrabaho sa bahay (Bond 2019b, par. 14). Dagdag pa rito, maaaring pagkunan ng pampalubag ng stress at anxiety ang pag-aalaga ng halaman at pakikipag-usap dito, tulad ng sabi ni Anton Siddayao: "Kahit may aso ako, mas nakakausap ko ang mga halaman sapagkat biswal ang kanilang pamamaraan ng komunikasyon at hindi sa pagsasalita" (Antonio 2020b, par. 29).

 © Ateneo de Manila University

Sa pagsikat ng pagiging *plantita*, lalong naging kapansin-pansin ang agwat sa hirarkiya ng lipunan. May kakayahan ang mayayaman na magwaldas ng pera sa pagbili ng mga halaman na pandekorasyon lamang habang sinusubukang pagkakitaan ng mga miyembro ng mababang antas ng lipunan ang trend na ito para may maipantustos sa mga pangangailangan nila sa gitna ng pandemya. Makikita rin sa pag-usbong ng mga katawagan na "plantito" at "plantita" ang lalong paglaki ng agwat na ito sa pagkakaiba ng mga prayoridad ng middle at upper class sa lower class sa gitna ng pandemya. Sa kagustuhan ng mga may-kaya na ipakita na mayroon silang kakayahang sumabay sa uso at maglaan ng malaking halaga ng pera para maranasan ang pamumuhay plantita, napipilitan naman ang mahihirap na kumapit sa pagbebenta ng mga halaman upang tugunan ang pangangailangan ng nakatataas ng antas sabay na magkaroon ng kita para may pantawid sa pang araw-araw na pamumuhay.

Kahit na naging maayos na libangan para sa mamamayang Pilipino ang pangangalaga ng mga halaman, hindi pa rin maikakaila ang mga negatibong epekto nito. Kung susuriin nang mabuti, kahit tila wala masyadong negatibong konotasyon ang libangang ito, hindi naman talaga naisusulong ng pagiging plantita ang pangangalaga sa kalikasan. Isa lamang itong status symbol. Kayang gumastos ng plantita sa halaman bilang libangan habang walang hanapbuhay ang marami ngayong quarantine. Higit pa rito, nagiging isang bakod lamang ang "plantita" na naghihiwalay sa kanila sa mga ordinaryong nangangalaga ng mga halaman. Hindi kasi pangmasa ang pagiging plantita. Idinidiin ng mga kahingian ng pagiging plantita ang pamumuhunan sa ganoong pamumuhay na nagpapakita lamang ng malalang pagkakaiba ng mga estado sa lipunan.

Hindi naman problema ang pagkahilig sa halaman. Sa katunayan, isa itong hakbang tungo sa aktuwal na kaisipang makakalikasan. Ang pakiramdam na kailangang may hiwalay na katawagan sa mga mamamayang may-kaya na nahihilig dito ang totoong problema. Sa huli, hindi halaman ang sanhi nitong problema kundi ang lipunang bumuhay sa penomenong plantita sa kalagitnaan ng pandemya na hindi naman talaga nakabuo ng komunidad, bagkus lalo lamang nagpalalim sa hidwaan ng mga hirarkiya ng lipunan.

## Mga Sanggunian

Antonio, Josiah. "'Plantito, Plantita': Filipinos Turn to Plants to Cope with Coronavirus Pandemic." *ABS-CBN News*, 22 September 2020. https://news.abs-cbn.com/life/09/21/20/plantito-plantita-filipinos-turn-to-plants-to-cope-withcoronavirus-pandemic.

Barnett, Tonya. "Illegal Plant Trade Info – How Does Poaching Affect Plants." *Gardening Know How*, 26 August 2019. https://www.gardeningknowhow.com/garden-howto/info/how-does-poaching-affect-plants.htm.

Berto. "Endangered Plants in the Philippines." 22 October 2020. https://thephilippinestoday.com/endangered-plants-in-the-philippines/

Bond, Casey. "Why Millennials Are Suddenly So Obsessed With Houseplants." *HuffPost*, 18 September 2019. https://www.huffpost.com/entry/millennials-obsessedhouseplants-instagram_l_5d7a976de4b01c1970c433b9.

 © Ateneo de Manila University

Cinco, Maricar. Therapy and the dangers of a 'plant economy'. *Inquirer.net*, 18 October 2020. https://newsinfo.inquirer.net/1349269/therapy-and-the-dangers-of-a-plant-economy#ixzz6cYSVWDM6

Cruz, Nicole. Aubrey Miles Paid P300,000 for Her Most Expensive Plant. 1 October 2020. https://www.preview.ph/culture/price-aubrey-miles-most-expensive-plant-a00300-20201001

Deala, Joanna Belle. Tita Collective: Not Your Ordinary Type of Titas. 20 June 2019. http://www.canadianinquirer.net/2019/06/20/tita-collective-not-your-ordinary-type-of-titas/.

Diaz-Sabado, Joanna P. "Philippine Information Agency." @PIAdesk, 2020. https://pia.gov.ph/features/articles/1050815.

DiLallo , Raffaele. "History of the Houseplant ." *Gardening Know How*, 9 January 2020. https://blog.gardeningknowhow.com/tbt/history-of-the-houseplant/.

De Vera-Ruiz, Ellalyn. " DENR warns on illegal harvesting of forest plant species". *MB.com.ph*, 20 September 2020. https://mb.com.ph/2020/09/20/denr-warns-on-illegalharvestingof-forest-plant-species/

Ferguson, Donna. "Baking, Gardening, Crochet … How the Lucky Ones Lived under Lockdown." *The Guardian*. Guardian News and Media, 21 June 2020. https://www.theguardian.com/world/2020/jun/21/baking-gardening-crochet-how-thelucky-ones-lived-under-lockdown.

Grana, Rhia D. "A Plant for P80,000?! Here Are Some of the Most Expensive Indoor Plants Available Now." *ABS-CBN News*, 16 September 2020. https://news.abs-cbn.com/ancx/culture/spotlight/09/16/20/here-are-some-of-the-mostexpensive-plants-being-sold-in-the-market-now.

"How Celebrities Decorate Their Homes." *PEP.ph*, 2020. https://www.pep.ph/lifestyle/home /151930/how-celebrities-decorate-their-homesa722-0200616.

Lachica, Immae. "Are You a 'Plantito' or 'Plantita' of Cebu?" *Inquirer.net*,, 17 August 2020. https://cebudailynews.inquirer.net/334341/are-you-a-plantito-or-plantita-of-cebu.

Miraflor, Madelaine B. "Seller 'Plantitos' and 'Plantitas' May Soon Need Gov't Accreditation." *Manila Bulletin*, 17 August 2020. https://mb.com.ph/2020/08/17 / seller-plantitos-andplantitas-may-soon-need-govt-accreditation/.

Navarra, Ruth. "The Rise of the 'Plantita': Plants Have Feelings, Too, like Pets." *Inquirer Lifestyle*, 1 September 2020. https://lifestyle.inquirer.net/369877/the-rise-of-the-plantita-plantshave-feelings-too-like-pets/.

Ocampo, Karl R. "'Plantitos,' 'Plantitas' Sprout with Profiteers." *Inquirer.net*, 1 September 2020, newsinfo.inquirer.net/1329557/plantitos-plantitas-sprout-with-profiteers.

Pino-Oca, Toni. "5 Easy Houseplants for the New 'Plantita'." *Inquirer.net*, 11 July 2018. https://cebudailynews.inquirer.net/183837/5-easy-houseplants-new-plantita.

 © Ateneo de Manila University

President Rodrigo Duterte to Heads of Departments, Agencies, Offices and Instrumentalities of the Government, Government-Owned or -Controlled Corporations (GOCCs), Government Financial Institutions (GFIs), State Universities and Colleges (SUCs) and Local Government Units, 16 March 2020, Salvador C. Medialdea, Memorandum from the Executive Secretary on the Quarantine Over the Entire Luzon and Further Guidelines for the Management of the Coronavirus Disease 2019 (COVID-19) Situation, 2020.

Ratcliffe, Rebecca. "Coronavirus Pandemic Fuelling Plant Poaching in Philippines." *The Guardian*. The Guardian, 14 September 2020. https://www.theguardian.com / world/2020/sep/14/coronavirus-pandemic-fuellingplant-poaching-philippines.

Real Living Team, "8 Signs You're Becoming A #Plantita" *RealLiving: Gardening*. 6 July 2018 https://www.realliving.com.ph/home-improvement/gardening/7-signs-you-rebecoming-a-plantita-a00043-20180706.

Searle, Fred. "Pandemic 'Sparks Rise in Demand for Green Products'." *Home-Fruitnet.com*, 28 October 2020. http://www.fruitnet.com/fpj/article/183358/pandemic-sparks-risein-demand-for-green-products.

Taculao, Patricia Bianca S. "Some Sellers Have Been Overpricing Their Houseplants. Here's How Not to Overpay for Your Plant Baby." *Agriculture Monthly*, 21 September 2020. https://www.agriculture.com.ph/2020/09/21/the-issue-of-plant-overpricing-and-howto-not-fall-victim-to-it/.

Torres, Alfonso. "Role of sanitary and phytosanitary measures within the context of Free Trade Agreements." *Revista Colombiana de Ciencias Pecuarias*, March 2013. http://www.scielo.org.co/scielo.php?script=sci_arttext&pid=S0120069020130001000007&lng=en&tlng=en.

United Nations Development Programme. "Coronavirus Disease COVID-19 Pandemic," 30 September 2020. https://www.undp.org/content/undp/en/home/coronavirus.html.

Valdeavilla, Ronica. "Understanding the Filipino 'Tita'." *Culture Trip*. 17 February 2018. Accessed 24 October 2020. https://theculturetrip.com/asia/philippines/articles / understanding-the-filipino-tita/

Van Der Zanden, Ann Marie. "Plant Diseases." *Kentucky Gardener Master Manual*, March 2016. http://www2.ca.uky.edu/agcomm/pubs/ppa/ppa46/ppa46.pdf.

 © Ateneo de Manila University